
**KABISAAN NG ACADEMIC RECOVERY AND ACCESSIBLE
LEARNING (ARAL) PROGRAM AT KASANAYAN SA PAGBASA NG
MGA MAG-AARAL**

***Sonnie Lou B. Villariez, MA. Mercedes M. Monsale**

Guimaras State University.

Article Received: 16 April 2026

*Corresponding Author: Sonnie Lou B. Villariez

Article Revised: 06 May 2026

Guimaras State University.

Published on: 26 May 2026

DOI: <https://doi-doi.org/101555/ijrpa.1653>

ABSTRAK

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang kabisaan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Distrito ng Carles, Dibisyon ng Iloilo, Pilipinas sa Taong Panuruan 2025–2026. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo na may inferensyal na pagsusuri upang matukoy ang antas ng kabisaan ng programa, antas ng kasanayan sa pagbasa, makabuluhang pagkakaiba batay sa propayl ng mga tagatugon, at ang ugnayan ng dalawang baryabol. Batay sa mga resulta, ang ARAL Program ay may mataas hanggang pinakamataas na antas ng kabisaan sa kabuuan at sa iba't ibang pangkat ng tagatugon ayon sa edad, antas ng edukasyon, haba ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan, kung saan mas positibo ang pagtatasa ng mas may edad, mas may karanasan, at mga guro sa Mainland schools. Gayundin, ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay naitala sa antas na mataas sa kabuuan at sa lahat ng pangkat, na nagpapakita ng pag-unlad sa phonemic awareness, decoding, fluency, at comprehension, bagaman mas nangunguna ang mga foundational skills kaysa sa higher-order comprehension skills. Natuklasan din na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kabisaan ng ARAL Program batay sa haba ng serbisyo at lokasyon ng paaralan ($p < .05$), samantalang walang makabuluhang pagkakaiba batay sa edad at antas ng edukasyon ($p > .05$). Sa kasanayan sa pagbasa, lumabas na may makabuluhang pagkakaiba batay sa haba ng serbisyo at lokasyon ng paaralan ($p < .05$) ngunit wala sa edad at antas ng edukasyon ($p > .05$). Higit pa rito, natukoy ang isang makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng kabisaan ng ARAL Program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ($r = .664$, $p = .000$), na nagpapahiwatig na habang tumataas ang kabisaan ng programa ay tumataas din ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

MGA SUSING SALITA: ARAL Program, kasanayan sa pagbasa, reading comprehension, foundational literacy, learning recovery, Iloilo, Pilipinas.

PANIMULA

Ang kasanayan sa pagbasa at pagsulat ay kinikilala bilang pundasyon ng pagkatuto ng bawat mag-aaral. Ayon kina van Bergen et al. (2022), ang mga batang may mataas na interes at kasiyahan sa pagbasa at pagsulat ay karaniwang nagpapakita ng mas mahusay na kasanayang literasiya. Ipinahihiwatig nito na ang kasiyahang dulot ng pagbasa ay nakapagpapataas ng antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pangliterasiya, na humahantong sa patuloy na pag-unlad ng kanilang literacy skills. Katulad nito, binibigyang-diin nina Silinskas et al. (2020) na ang print exposure at kasiyahan sa pagbasa—na tinutukoy bilang reading engagement—ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa.

Ipinakikita ng mga pag-aaral nina Torppa et al. (2020) at Toste et al. (2020) na ang mahusay na kasanayan sa pagbasa ay nakapagpapalakas ng kasiyahan sa pagbasa at kagustuhang magbasa ng mga aklat. Gayunpaman, karamihan sa mga pananaliksik na ito ay nakatuon sa mga unang baitang ng elementarya. Natuklasan nina Torppa et al. (2020) at van Bergen et al. (2021) na habang tumatanda ang mga mag-aaral, nagbabago ang direksiyon ng ugnayan—mula sa pagbasa na nakaaapekto sa print exposure sa Grades 1–3, tungo sa print exposure na mas may impluwensiya sa kasanayan sa pagbasa sa Grades 4–10. Samantala, sa isang pag-aaral sa Amerika, natuklasan ni Erbeli et al. (2020) na sa yugto ng kabataan, mas nangingibabaw ang impluwensiya ng kasanayan sa pagbasa sa print exposure kaysa sa kabaligtaran.

Sa konteksto ng Pilipinas, patuloy na hinaharap ng sistema ng edukasyon ang matinding hamon ng learning crisis, partikular sa pagbasa. Sa kabila ng mga pandaigdigang pag-aaral hinggil sa ugnayan ng kasanayan at kasiyahan sa pagbasa, nananatiling limitado ang lokal na ebidensiya hinggil sa bisa ng mga programang interbensiyon na ipinatutupad ng pamahalaan upang tugunan ang suliraning ito.

Bilang tugon, inilunsad ng Department of Education (DepEd) ang Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program na naglalayong tulungan ang mga mag-aaral mula Kindergarten hanggang Grade 10 na maabot ang inaasahang kasanayan sa pagbasa, matematika, at agham. Sa taong panuruan 2025–2026, bibigyang-prioridad ang ARAL-Reading, na nakatuon sa mga mag-aaral na kabilang sa low at high emerging readers at mga frustrated readers (Bajo, 2025). Ayon kay Cariaso (2025), ipinag-utos ng DepEd ang pagpapatupad ng ARAL Reading Program sa lahat ng paaralan sa buong bansa sa tulong ng

mga guro, para-teachers, pre-service teachers, at iba pang sinanay na indibidwal, katuwang ang mga magulang at tagapag-alaga.

Sa ganitong kalagayan, mahalagang suriin ang bisa ng ARAL Program bilang isang interbensiyong pang-edukasyon upang matukoy ang ambag nito sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa gitna ng patuloy na krisis sa pagkatuto sa bansa.

Paglalahad ng Suliranin

1. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang Kabisaan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Distrito ng Carles, Dibisyon ng Iloilo, Pilipinas sa Taong Panuruan 2025-2026.
2. Partikular, nilalayan ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na mga tanong:
Ano ang propayl ng mga tagatugon ayon sa edad, antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan?
3. Ano ang antas ng kabisaan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program kung itatasa ng tagatugon sa kabuuan at kung ibabatay ayon sa edad, antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan?
4. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kung itatasa ng tagatugon sa kabuuan at kung ibabatay ayon sa edad, antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan?
5. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kabisaan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program kung itatasa ng tagatugon at kung ibabatay ayon sa edad, antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan?
6. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kung itatasa ng tagatugon at kung ibabatay ayon sa edad, antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan?
7. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa kabisaan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay gumamit ng descriptive–correlational research design upang masuri ang kabisaan ng ARAL Program at ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Distrito ng Carles, Dibisyon ng Iloilo para sa Taong Pampaaralan 2025–2026. Layunin nitong ilarawan ang katangian ng mga respondente at tukuyin ang ugnayan sa pagitan ng bisa ng Programang ARAL at kasanayang pampagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga respondente ay binubuo ng 120 ARAL tutors mula sa mga

pampublikong paaralang sekondarya na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling technique batay sa kanilang karanasan at aktibong partisipasyon sa implementasyon ng programa. Gumamit ang mananaliksik ng binagong talatanungan na may tatlong bahagi: demograpikong profile ng mga respondente, kabisaan ng Programang ARAL, at antas ng kasanayang pampagbasa ng mga mag-aaral. Isinailalim ang instrumento sa content validation ng mga eksperto at pilot testing upang matiyak ang validity at reliability nito bago ang aktwal na pangangalap ng datos. Sa proseso ng pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa mga kinauukulan bago ipamahagi at kolektahin ang mga talatanungan mula sa mga kalahok. Ang mga nakalap na datos ay nirepaso, inencode, at sinuri gamit ang SPSS sa pamamagitan ng frequency count, percentage, mean, Mann–Whitney U Test, Kruskal–Wallis H Test, at Spearman Rho upang mabigyang-interpretasyon ang resulta ng pag-aaral at matukoy ang ugnayan sa pagitan ng implementasyon ng ARAL Program at kasanayang pampagbasa ng mga mag-aaral.

MGA RESULTA AT PAGTALAKAY

Propayl Ng Mga Tagatugon Ayon Sa Edad, Antas Ng Edukasyon, Posisyon, Habang Ng Serbisyo, At Lokasyon Ng Paaralan

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng propayl ng mga tagatugon ayon sa edad, antas ng edukasyon, habang ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan. Makikita na sa edad, pinakamarami ang mga tagatugon na nasa 20–30 taong gulang na may bilang na 44 o 36.7 porsyento, kasunod ang 31–40 taong gulang na may 43 o 35.8 porsyento. Samantala, ang 41 taong gulang pataas ang may pinakamababang bilang na 33 o 27.5 porsyento. Ipinapakita nito na karamihan sa mga tagatugon ay kabilang sa mas batang pangkat ng edad.

Sa antas ng edukasyon, pinakamalaki ang bilang ng may Master’s Degree (units o graduate) na 64 o 53.3 porsyento. Sinundan ito ng may Bachelor’s Degree na 48 o 40.0 porsyento, habang ang may Doctorate (units o graduate) ang may pinakamababang bilang na 8 o 6.7 porsyento. Ipinahihiwatig nito na karamihan sa mga guro ay nagpapatuloy o nakapagtapos na ng pag-aaral sa antas ng masterado.

Sa habang ng serbisyo, malinaw na mas nakararami ang may 10 taon pababa na karanasan na may 90 o 75.0 porsyento, samantalang 30 o 25.0 porsyento lamang ang may 11 taon pataas. Ipinapakita nito na karamihan sa mga tagatugon ay may mas maikling panahon ng panunungkulan sa serbisyo.

Samantala, sa lokasyon ng paaralan, pantay ang bilang ng mga tagatugon mula sa mainland at island na kapwa may 60 o 50.0 porsyento. Ipinahihiwatig nito na may balanseng representasyon ang mga tagatugon batay sa lokasyon ng kanilang paaralan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng propayl ng mga tagatugon na karamihan ay nasa mas batang edad, may antas ng edukasyong masterado, may maikling haba ng serbisyo na sampung taon pababa, at may pantay na distribusyon sa lokasyon ng paaralan. Ipinahihiwatig nito na ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng mga guro na relatibong bata pa, patuloy na nagpapahusay ng kanilang propesyonal na kwalipikasyon, may limitadong haba ng karanasan sa pagtuturo, at may balanseng representasyon mula sa iba't ibang lokasyon ng paaralan.

Talahanayan 1. Propayl Ng Mga Tagatugon Ayon Sa Edad, Antas Ng Edukasyon, Posisyon, Haba Ng Serbisyo, At Lokasyon Ng Paaralan.

Propayl	Bilang	Poryento
Edad		
20–30 Taong Gulang	44	36.7
31–40 Taong Gulang	43	35.8
41 Taong Gulang Pataas	33	27.5
Antas ng Edukasyon		
Bachelor's Degree	48	40.0
Master's Degree (Units or Graduate)	64	53.3
Doctorate (Units or Graduate)	8	6.7
Haba ng Serbisyo		
10 Taon Pababa	90	75.0
11 Taon Pataas	30	25.0
Lokasyon ng Paaralan		
Mainland	60	50.0
Island	60	50.0
Kabuuan	120	100.0

Antas Ng Kabisaan Ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng kabisaan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program kung itatasa ng mga tagatugon sa kabuuan. Batay sa mga resulta, makikita ang iba't ibang aspekto ng implementasyon ng programa kaugnay ng pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Makikita na ang limang may pinakamataas na resulta ay ang “Suportado ng paaralan ang implementasyon ng ARAL Program” na may mean na 4.53, na nagpapahiwatig ng matibay na suporta ng paaralan sa pagpapatupad ng programa. Sinundan ito ng “Ang ARAL Program ay nakapagbibigay ng malinaw na gabay para sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga

mag-aaral” na may mean na 4.51, na nagpapakita na malinaw ang direksyon ng programa sa pagpapahusay ng pagbasa. Sumunod ang “Nakapagbibigay ang ARAL Program ng indibidwal na suporta sa mga batang mahina sa pagbasa” na may mean na 4.44, na nagpapahiwatig ng pagtutok sa pangangailangan ng bawat mag-aaral. Kasama rin sa may mataas na marka ang “Nakatutulong ang ARAL Program sa pagkilala ng mga mag-aaral na nangangailangan ng agarang interbensyon” na may mean na 4.43, na nagpapakita ng kahalagahan ng programang ito sa maagang pagtukoy sa mga nahuhuling mag-aaral. Panghuli, kabilang sa pinakamataas ang “Ang mga gawain sa ARAL Program ay angkop sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral” na may mean na 4.37, na nagpapahiwatig na ang mga gawain ay naaayon sa kakayahan ng mga kalahok.

Samantala, ang tatlong may pinakamababang resulta ay ang “May sapat na kagamitan sa pagtuturo na ibinibigay sa ARAL Program” na may mean na 3.84, na nagpapahiwatig na may kakulangan pa sa mga kagamitang panturo. Sinundan ito ng “Lalo pang nagiging mas masigasig ang mga mag-aaral dahil sa mga gawain sa ARAL Program” na may mean na 3.93, na nagpapakita na bagama’t positibo, may puwang pa upang higit pang mapataas ang motibasyon ng mga mag-aaral. Sumunod ang “Ang ARAL Program ay nakapagbibigay ng sistematikong remedial sessions” na may mean na 3.95, na nagpapahiwatig na may pangangailangan pang paghusayin ang istruktura ng mga remedial na sesyon.

Sa kabuuan, ang kabuuang mean na 4.19 na may deskripsyong Mataas ay nagpapakita na epektibo ang implementasyon ng ARAL Program sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang programa ay may positibong kontribusyon sa pagtukoy sa mga nahuhuling mag-aaral, pagbibigay ng indibidwal na suporta, at pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa pagbasa, bagama’t kinakailangan pang paigtingin ang aspeto ng kagamitan, motibasyon, at istruktura ng remedial sessions.

Ang mga natuklasan ay kaayon ng mga dayuhang pag-aaral nina Nickow, Oreopoulos, at Quan (2020) na nagsasabing ang one-to-one at small group tutoring ay may malaking positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mataas na marka sa indibidwal na suporta at pagtukoy ng mga nangangailangan ng interbensyon ay sumusuporta sa kanilang resulta. Gayundin, tumutugma ito sa ulat ng Education Endowment Foundation (2020) na nagsasabing mas nagiging matagumpay ang tutoring programs kapag may malinaw na gabay at maayos na implementasyon, na makikita sa mataas na marka ng malinaw na gabay at suporta ng paaralan. Sinusuportahan din ito ng World Bank (2023) na nagbibigay-diin sa targeted remediation bilang mahalagang estratehiya sa pagbawi ng pagkatuto.

Kaayon din ng mga lokal na pag-aaral ang resulta ng talahanayan. Ipinakita nina Bautista at Aranas (2022) na mahalaga ang tutorial support upang matulungan ang mga mag-aaral na nahuhuli sa pagbasa, na sinusupportahan ng mataas na marka sa indibidwal na suporta ng ARAL Program. Katulad nito, natuklasan ni De Guzman (2023) na ang remedial reading program ay nakapagpapataas ng kakayahan sa pagbasa, na tumutugma sa mataas na resulta ng pagbuti ng pagganap ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2. Antas Ng Kabisaan Ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan.

Mga Pahayag	Mean	Deskripsyon
Ang ARAL Program ay nakapagbibigay ng malinaw na gabay para sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.	4.51	Pinakamataas
Ang mga gawain sa ARAL Program ay angkop sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.	4.37	Pinakamataas
Nakatutulong ang ARAL Program sa pagkilala ng mga mag-aaral na nangangailangan ng agarang interbensyon.	4.43	Pinakamataas
May sapat na kagamitan sa pagtuturo na ibinibigay sa ARAL Program.	3.84	Mataas
Ang ARAL Program ay nakapagbibigay ng sistematikong remedial sessions.	3.95	Mataas
Napapahusay ng ARAL Program ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampagbasa.	4.08	Mataas
Epektibo ang pagkakagamit ng oras sa bawat sesyon ng ARAL Program.	3.98	Mataas
Malinaw at maayos ang pagsubaybay at pagpapatuloy na ginagawa sa ARAL Program.	4.07	Mataas
Nakapagbibigay ang ARAL Program ng indibidwal na suporta sa mga batang mahina sa pagbasa.	4.44	Pinakamataas
Nakikita ko ang pagbuti ng pagganap ng mga mag-aaral dahil sa ARAL Program.	4.23	Pinakamataas
Lalo pang nagiging mas masigasig ang mga mag-aaral dahil sa mga gawain sa ARAL Program.	3.93	Mataas
Suportado ng paaralan ang implementasyon ng ARAL Program.	4.53	Pinakamataas
Madaling ipatupad at sundin ang mga proseso sa ARAL Program.	4.05	Mataas
Ang ARAL Program ay nakakatulong sa pagpapabuti ng pangkalahatang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.	4.25	Pinakamataas
Malinaw ang epekto ng ARAL Program sa pagbabawas ng bilang ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa.	4.17	Mataas
Kabuuan	4.19	Mataas

Skala: 4.21-5.00 Pinakamataas (P), 3.41-4.20 Mataas (M), 2.61-3.40 Katamtaman (K), 1.81-2.60 Mababa (M), 1.00-1.80 Pinakamababa (PB)

Antas Ng Kabisaan Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program kung ibabatay ayon sa edad, antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan

Batay sa Talahanayan 3, lumabas na mataas ang kabuuang antas ng kabisaan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program na may kabuuang mean na 4.19 na may deskripsyong “Mataas.” Ayon sa edad, pinakamataas ang pagtataya ng mga gurong nasa 31–40 taong gulang (M=4.28) at 41 taong gulang pataas (M=4.24), habang mataas naman ang sa mga nasa 20–30 taong gulang (M=4.05). Sa antas ng edukasyon, pinakamataas ang pagtataya ng mga gurong may Master’s Degree o kasalukuyang kumukuha nito (M=4.27), samantalang mataas naman ang sa mga may Bachelor’s Degree (M=4.16) at Doctorate Degree o may doctoral units (M=3.69). Sa haba ng serbisyo, pinakamataas ang pagtataya ng mga gurong may 11 taong serbisyo pataas (M=4.25), habang mataas naman ang sa mga may 10 taong serbisyo pababa (M=4.10). Samantala, ayon sa lokasyon ng paaralan, pinakamataas ang pagtataya ng mga gurong nagtuturo sa mainland schools (M=4.40) kumpara sa mga nasa island schools (M=3.97) na may deskripsyong mataas. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na mas positibo ang pananaw sa kabisaan ng ARAL Program ng mga gurong may mas mataas na karanasan, propesyonal na paghahanda, at mas mahusay na akses sa mga pasilidad at learning resources.

Ipinahihiwatig ng resulta na mahalagang salik ang karanasan, mataas na antas ng edukasyon, at sapat na suportang pang-edukasyon upang maging matagumpay ang implementasyon ng ARAL Program. Ipinapakita rin nito ang pangangailangang palakasin ang suporta, resources, at intervention mechanisms sa mga paaralang nasa island areas upang maging pantay ang kalidad ng implementasyon ng programa sa lahat ng paaralan.

Ang mataas na antas ng kabisaan ng ARAL Program ay nagpapakita na naging mahalagang tugon ito sa learning gaps at academic recovery ng mga mag-aaral matapos ang mga hamon sa sistema ng edukasyon sa mga nakaraang taon. Ang mas mataas na pagtataya mula sa mga gurong may mas mahabang karanasan, mataas na antas ng edukasyon, at nagtuturo sa mainland schools ay maaaring maiugnay sa kanilang mas malawak na exposure sa instructional innovations, learner interventions, at accessibility sa educational resources. Ayon kina Darling-Hammond et al. (2023), ang teacher competence at professional experience ay may malaking impluwensiya sa tagumpay ng mga intervention at learning recovery programs. Binigyang-diin din nina Schleicher (2023) at UNESCO (2024) na ang pagkakaroon ng sapat na instructional support, technological access, at professional development opportunities ay mahalaga upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo at

academic recovery initiatives. Dagdag pa rito, sinabi nina Reimers at Marmolejo (2024) na ang educational equity at institutional support ay mahalagang salik upang maging epektibo ang mga programang pang-akademikong interbensyon, lalo na sa mga geographically isolated schools. Sinusuportahan din ito nina Kaliisa et al. (2023) at Li et al. (2024) na nagsasabing ang patuloy na teacher training, learner-centered strategies, at access sa learning resources ay nakatutulong sa pagpapataas ng academic engagement, participation, at learning outcomes ng mga mag-aaral sa panahon ng educational recovery.

Talahanayan 3. Antas Ng Kabisaan Ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program kung ibabatay ayon sa edad, antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan.

Propayl	Mean	Deskripsyon
Edad		
20–30 Taong Gulang	4.05	Mataas
31–40 Taong Gulang	4.28	Pinakamataas
41 Taong Gulang Pataas	4.24	Pinakamataas
Antas ng Edukasyon		
Bachelor’s Degree	4.16	Mataas
Master’s Degree (Units or Graduate)	4.27	Pinakamataas
Doctorate (Units or Graduate)	3.69	Mataas
Haba ng Serbisyo		
10 Taon Pababa	4.10	Mataas
11 Taon Pataas	4.25	Pinakamataas
Lokasyon ng Paaralan		
Mainland	4.40	Pinakamataas
Island	3.97	Mataas
Kabuuan	4.19	Mataas

Skala: 4.21-5.00 Pinakamataas (P), 3.41-4.20 Mataas (M), 2.61-3.40 Katamtaman (K), 1.81-2.60 Mababa (M), 1.00-1.80 Pinakamababa (PB)

Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa pagtatasa ng mga tagatugon sa kabuuan. Saklaw nito ang iba’t ibang aspekto ng reading skills tulad ng phonemic awareness, decoding skills, fluency, comprehension, at motivation sa pagbasa.

Sa limang pinakamataas na resulta, makikita na ang “Marunong ang mga mag-aaral na tukuyin ang tunog at titik sa mga salita” ang may pinakamataas na mean na 4.13, na nagpapahiwatig na mahusay ang mga mag-aaral sa letter-sound recognition. Sinundan ito ng

“Nagpapakita ang mga mag-aaral ng mas mataas na antas ng kumpiyansa kapag nagbabasa” na may mean na 4.01, na nagpapakita ng pagtaas ng self-confidence sa pagbasa. Pangatlo ang “Ipinapakita ng mga mag-aaral ang pag-unlad sa kanilang kamalayan sa mga ponema” na may mean na 4.03, na nagpapahiwatig ng pag-unlad sa phonemic awareness. Kasunod nito ang “Nagpapakita ang mga mag-aaral ng interes at motibasyon sa pagbasa” na may mean na 3.92, na nagpapakita ng positibong saloobin sa pagbabasa. Panglima ay ang “Nakakakilala ang mga mag-aaral ng mas maraming salita (vocabulary growth)” na may mean na 3.88, na nagpapahiwatig ng paglawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral.

Samantala, sa mga pinakamababang resulta (bottom 3), lumabas na ang “Nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga binabasang pangungusap” ang may pinakamababang mean na 3.58, na nagpapahiwatig na ito ang pinakakailangang paunlarin sa reading comprehension. Sinundan ito ng “Kaya ng mga mag-aaral na masunod at maunawaan ang mga pangyayaring inilalarawan sa teksto” na may mean na 3.66, na nagpapakita ng hamon sa pag-unawa ng detalye at sequencing ng teksto. Pangatlo ay ang “Nakapagsasabi ang mga mag-aaral ng pangunahing ideya mula sa maikling teksto” na may mean na 3.69, na nagpapahiwatig na kailangan pang palakasin ang pagkuha ng main idea at higher-order comprehension skills.

Ang kabuuang mean na 3.84 na may deskripsyong Mataas ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may positibong antas ng kasanayan sa pagbasa sa lahat ng aspeto. Ipinahihiwatig nito na may mas malakas na pag-unlad sa foundational reading skills tulad ng phonemic awareness, decoding, at word recognition, habang bahagyang mas mahina naman sa higher-level comprehension skills tulad ng pagkuha ng pangunahing ideya at malalim na pag-unawa sa teksto.

Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa ideya na ang mga reading intervention programs ay mas epektibo sa pagpapalakas ng basic literacy skills bago pa man umabot sa mas mataas na antas ng comprehension, kaya mahalagang ipagpatuloy ang mga estratehiya ng ARAL Program upang mapatatag ang parehong decoding at comprehension skills ng mga mag-aaral. Ayon sa DepEd EGRA Reports (2021–2023), malaking porsyento ng mga batang nasa mababang baitang sa Pilipinas ang kabilang sa “beginning” at “emerging readers,” na nagpapakita ng mababang antas ng foundational reading skills tulad ng phonemic awareness at decoding. Ipinapakita ng resulta ng EGRA na bagama’t may mga programang pang-interbensyon sa pagbasa, nananatiling hamon ang pag-unlad ng mas mataas na antas ng comprehension skills sa mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang natuklasan sa Talahanayan 7 na mas mataas ang antas ng kasanayan sa basic reading skills kumpara sa mas komplikadong kasanayan tulad ng pagkuha ng pangunahing ideya at malalim na pag-unawa ay sumasalamin

sa parehong pattern ng learning progression na inilalarawan sa EGRA reports, kung saan mas nauuna ang paglinang ng decoding at fluency bago ang comprehension.

Talahanayan 4. Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan.

Mga Pahayag	Mean	Deskripsyon
Ipinapakita ng mga mag-aaral ang pag-unlad sa kanilang kamalayan sa mga ponema	4.03	Mataas
Marunong ang mga mag-aaral na tukuyin ang tunog at titik sa mga salita.	4.13	Mataas
Nagpapakita ang mga mag-aaral ng pag-unlad sa kanilang <i>decoding skills</i> .	3.89	Mataas
Nakababasa ang mga mag-aaral ng mga salita nang may tamang bilis.	3.78	Mataas
Nakabubuo ang mga mag-aaral ng tamang pagbigkas habang nagbabasa.	3.88	Mataas
Nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga binabasang pangungusap.	3.58	Mataas
Nakapagsasabi ang mga mag-aaral ng pangunahing ideya mula sa maikling teksto.	3.69	Mataas
Nakapagsasagawa ang mga mag-aaral ng simpleng paghinuha mula sa binasa.	3.73	Mataas
Kaya ng mga mag-aaral na masunod at maunawaan ang mga pangyayaring inilalarawan sa teksto.	3.66	Mataas
Nakakabasa ang mga mag-aaral nang may wastong intonasyon at paghahati-hati ng mga salita.	3.73	Mataas
Nagpapakita ang mga mag-aaral ng interes at motibasyon sa pagbasa.	3.92	Mataas
Naipapakita ng mga mag-aaral ang pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binabasa.	3.87	Mataas
Nakakakilala ang mga mag-aaral ng mas maraming salita (<i>vocabulary growth</i>).	3.88	Mataas
Nakapagbabasa ng mas matagal ang mga mag-aaral ng hindi agad napapagod.	3.83	Mataas
Nagpapakita ang mga mag-aaral ng mas mataas na antas ng kumpiyansa kapag nagbabasa.	4.01	Mataas
Kabuuan	3.84	Mataas

Skala: 4.21-5.00 Pinakamataas (P), 3.41-4.20 Mataas (M), 2.61-3.40 Katamtaman (K), 1.81-2.60 Mababa (M), 1.00-1.80 Pinakamababa (PB)

Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon kung ibabatay ayon sa edad, antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan

Batay sa Talahanayan 5, lumabas na mataas ang kabuuang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na may kabuuang mean na 3.84 na may deskripsyong “Mataas.” Ayon sa edad, pinakamataas ang pagtataya ng mga gurong nasa 41 taong gulang pataas ($M=3.90$), kasunod ang mga nasa 31–40 taong gulang ($M=3.88$), habang mataas naman ang sa mga nasa 20–30 taong gulang ($M=3.76$). Sa antas ng edukasyon, pinakamataas ang pagtataya ng mga gurong may Master’s Degree o kasalukuyang kumukuha nito ($M=3.90$), samantalang mataas naman ang sa mga may Bachelor’s Degree ($M=3.83$) at Doctorate Degree o may doctoral units ($M=3.46$). Sa haba ng serbisyo, pinakamataas ang pagtataya ng mga gurong may 11 taong serbisyo pataas ($M=4.12$), habang mataas naman ang sa mga may 10 taong serbisyo pababa ($M=3.75$). Samantala, ayon sa lokasyon ng paaralan, mas mataas ang pagtataya ng mga gurong nasa mainland schools ($M=3.97$) kumpara sa mga nasa island schools ($M=3.71$), bagaman kapwa may deskripsyong mataas. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na mas positibo ang pananaw sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral mula sa mga gurong may mas mataas na karanasan, antas ng edukasyon, at mas mahusay na akses sa mga kagamitang pampagkatuto.

Ipinapakita ng resulta na mahalagang salik ang karanasan ng guro, propesyonal na kahandaan, at accessibility ng learning resources sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig din nito ang pangangailangang palakasin pa ang reading intervention programs at suportang pang-akademiko lalo na sa mga paaralang nasa island areas upang higit pang mapaunlad ang literacy skills ng mga mag-aaral.

Ang mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nagpapakita na may positibong epekto ang mga programang pang-akademiko at reading interventions na ipinatutupad sa mga paaralan. Ang mas mataas na pagtataya mula sa mga gurong may mas mahabang karanasan at mas mataas na antas ng edukasyon ay maaaring maiugnay sa kanilang mas mahusay na kakayahan sa paggamit ng differentiated instruction, literacy strategies, at learner-centered approaches sa pagtuturo ng pagbasa. Ayon kina Darling-Hammond et al. (2023), ang teacher expertise at instructional quality ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng literacy achievement ng mga mag-aaral. Binigyang-diin din ng UNESCO (2024) na ang access sa quality learning materials at teacher support systems ay mahalagang salik sa pagpapaunlad ng reading proficiency, lalo na sa basic education. Dagdag pa rito, sinabi nina Reimers at Marmolejo (2024) na ang academic recovery at literacy

development programs ay nagiging mas epektibo kapag may sapat na institutional support at intervention mechanisms. Ayon naman kina Schleicher (2023), Kaliisa et al. (2023), at Li et al. (2024), ang patuloy na teacher training, paggamit ng innovative literacy strategies, at accessibility ng educational resources ay nakatutulong sa pagpapataas ng reading engagement, comprehension skills, at academic performance ng mga mag-aaral, partikular sa mga paaralang may limitadong resources at learning support facilities.

Talahanayan 5. Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon kung ibabatay ayon sa edad, antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, at lokasyon ng paaralan.

Propayl	Mean	Deskripsyon	
Edad			
20–30 Taong Gulang	3.76	Mataas	
31–40 Taong Gulang	3.88	Mataas	
41 Taong Gulang Pataas	3.90	Mataas	
Antas ng Edukasyon			
Bachelor’s Degree	3.83	Mataas	
Master’s Degree (Units or Graduate)	3.90	Mataas	
Doctorate (Units or Graduate)	3.46	Mataas	
Haba ng Serbisyo			
10 Taon Pababa	3.75	Mataas	
11 Taon Pataas	4.12	Mataas	
Lokasyon ng Paaralan			
Mainland	3.97	Mataas	
Island	3.71	Mataas	
Kabuuan	3.84	Mataas	

Pagkakaiba Sa Antas Ng Kabisaan Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Habang Habang Ng Serbisyo, At Lokasyon Ng Paaralan

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa antas ng kabisaan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program batay sa dalawang salik: habang habang ng serbisyo ng mga tagatugon at lokasyon ng paaralan. Ginamitan ito ng inferensyal na istatistika (U-test) upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagtatasa.

Sa unang bahagi, batay sa habang habang ng serbisyo, makikita na ang mga gurong may 11 taon pataas na karanasan ay may mas mataas na mean rank na 73.88 kumpara sa mga gurong may 10 taon pababa na may mean rank na 56.04. Ang U-value na 948.5 at p-value na .015 ay nagpapakita na ang pagkakaibang ito ay makabuluhan sa antas na .05. Ibig sabihin, may mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng dalawang grupo, kung saan mas positibo ang pagtatasa ng mas may mahabang karanasan sa kabisaan ng ARAL Program.

Sa ikalawang bahagi naman, batay sa lokasyon ng paaralan, makikita na ang mga tagatugon mula sa Mainland schools ay may mas mataas na mean rank na 73.55, kumpara sa Island schools na may mean rank na 47.45. Ang U-value na 1017.0 at p-value na .000 ay nagpapakita rin ng makabuluhang pagkakaiba. Ipinapahiwatig nito na mas positibo ang pagtatasa ng Mainland respondents sa ARAL Program kumpara sa Island respondents.

Sa kabuuan, ang resulta ay nagpapakita na mayroong statistically significant difference sa persepsyon ng kabisaan ng ARAL Program batay sa parehong habang habang ng serbisyo at lokasyon ng paaralan. Ipinahihiwatig nito na ang karanasan ng guro at konteksto ng paaralan ay may mahalagang papel sa kung paano nila nakikita ang implementasyon at epekto ng programa.

Ang mga natuklasan ay maaaring maiugnay sa mga pag-aaral na nagpapakita na ang antas ng karanasan ng guro at kondisyon ng paaralan ay nakaaapekto sa implementasyon at pananaw sa mga educational interventions. Ayon sa World Bank (2023), ang tagumpay ng mga learning recovery programs ay nakadepende hindi lamang sa disenyo nito kundi pati sa kapasidad ng mga implementers at kalagayan ng learning environment, kung saan ang mas experienced na guro ay mas nakapagsusuri ng mas malalim na epekto ng mga programa. Samantala, ipinakita naman ng OECD (2023) na ang pagkakaiba sa learning outcomes at program effectiveness ay madalas na kaugnay ng hindi pantay na access sa resources at kalidad ng implementasyon sa pagitan ng iba't ibang lokasyon ng paaralan. Kaugnay nito, ang makabuluhang pagkakaiba sa Talahanayan 13 ay sumasalamin sa parehong ideya na ang

konteksto—tulad ng karanasan ng guro at lokasyon ng paaralan—ay mahalagang salik sa pagtatasa ng kabisaan ng ARAL Program.

Talahanayan 6. Pagkakaiba Sa Antas Ng Kabisaan Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Habang Lokasyon Ng Paaralan.

Variable	Mean Rank	U-value	p-value	Interpretasyon
Habang Lokasyon Ng Paaralan				
10 Taon Pababa	56.04	948.5*	.015	Makabuluhan
11 Taon Pataas	73.88			
Lokasyon ng Paaralan				
Mainland	73.55	1017.0*	.000	Makabuluhan
Island	47.45			

* $p < .05$ Level of Significance'

Pagkakaiba Sa Antas Ng Kabisaan Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Edad, at Antas Ng Edukasyon

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang pagkakaiba sa antas ng kabisaan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program kung ibabatay sa edad at antas ng edukasyon ng mga tagatugon. Sa bahaging edad, lumabas na ang mga gurong may edad 31–40 taong gulang ang may pinakamataas na mean rank na 65.58, sinundan ng 41 taong gulang pataas na 62.06, habang ang 20–30 taong gulang ay may pinakamababang mean rank na 54.36. Gayunpaman, ang nakuha na H-value na 2.362 at p-value na .307 ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang mga pananaw batay sa edad. Ibig sabihin, kahit may bahagyang pagkakaiba sa mean rank, pare-pareho pa rin ang kanilang pagtatasa sa kabisaan ng ARAL Program.

Samantala, sa antas ng edukasyon, ang mga may Master's Degree (Units or Graduate) ang may pinakamataas na mean rank na 63.92, kasunod ang Bachelor's Degree na 60.57, habang ang Doctorate (Units or Graduate) ang may pinakamababang mean rank na 32.69. Sa kabila nito, ang H-value na 5.755 at p-value na .056 ay nagpapakita rin na walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagtatasa batay sa antas ng edukasyon. Ipinahihiwatig nito na ang persepsyon ng mga tagatugon sa kabisaan ng ARAL Program ay hindi naaapektuhan ng kanilang edad o antas ng edukasyonal na kwalipikasyon.

Sa kabuuan, nangangahulugan ang resulta na ang pagtatasa sa ARAL Program ay relatibong pare-pareho sa iba't ibang grupo ng mga tagatugon. Ipinapakita nito na ang kabisaan ng programa ay kinikilala nang pantay-pantay anuman ang edad at antas ng edukasyon, at mas

maaaring maiugnay sa aktwal na implementasyon ng programa kaysa sa personal na katangian ng mga guro. Kaayon ito ng mga pananaw ng World Bank (2023) at OECD (2023) na nagsasabing ang tagumpay ng mga learning recovery initiatives ay higit na nakasalalay sa kalidad ng pagpapatupad, sistematikong suporta, at organisasyon ng programa kaysa sa demograpikong profile ng mga implementers.

Talahanayan 7. Pagkakaiba Sa Antas Ng Kabisaan Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Edad, at Antas Ng Edukasyon.

Variable	Mean Rank	H-value	P-value	Interpretasyon
Edad				
20–30 Taong Gulang	54.36	2.362	.307	Hindi Makabuluhan
31–40 Taong Gulang	65.58			
41 Taong Gulang Pataas	62.06			
Antas ng Edukasyon				
Bachelor’s Degree	60.57	5.755	.056	Hindi Makabuluhan
Master’s Degree (Units or Graduate)	63.92			
Doctorate (Units or Graduate)	32.69			

* $p < .05$ Level of Significance

Pagkakaiba Sa Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Habang Serbisyo, At Lokasyon Ng Paaralan

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa habang serbisyo at lokasyon ng paaralan ayon sa pagtatasa ng mga tagatugon. Sa unang bahagi, makikita na ang mga gurong may 11 taon pataas na serbisyo ang may mas mataas na mean rank na 76.60 kumpara sa mga may 10 taon pababa na may 55.13. Ang nakuha na U-value na 867.0 at p-value na .003 ay nagpapakita na ang pagkakaibang ito ay makabuluhan. Ipinahihiwatig nito na ang mas matagal na karanasan sa pagtuturo ay may kaugnayan sa mas positibong pagtatasa sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Samantala, sa lokasyon ng paaralan, lumabas na ang Mainland schools ay may mas mataas na mean rank na 68.20 kumpara sa Island schools na may 52.80. Ang U-value na 1338.0 at p-value na .015 ay nagpapakita rin na ang pagkakaibang ito ay makabuluhan. Ibig sabihin, may malinaw na pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa

lokasyon ng paaralan, kung saan mas mataas ang pagtatasa sa Mainland schools kumpara sa Island schools.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay hindi pantay-pantay batay sa karanasan ng mga guro at lokasyon ng paaralan. Mas positibo ang pagtatasa ng mga gurong mas matagal na sa serbisyo at ng mga nasa Mainland schools, na maaaring magpahiwatig na ang karanasan sa pagtuturo at pagkakaroon ng mas maayos na access sa resources at instructional support ay may mahalagang papel sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa. Ang kinalabasan na ito ay sumusuporta sa mga pananaw nina Bautista at Aranas (2022) at Reuters (2024), na nagsasaad na ang kakulangan sa learning resources, hindi pantay na access sa suporta sa tahanan, at limitadong instructional materials ay nagdudulot ng learning gaps sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Talahanayan 8. Pagkakaiba Sa Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Habang Ng Serbisyo, At Lokasyon Ng Paaralan.

Variable	Mean Rank	U-value	p-Value	Interpretasyon
Haba ng Serbisyo				
10 Taon Pababa	55.13	867.0*	.003	Makabuluhan
11 Taon Pataas	76.60			
Lokasyon ng Paaralan				
Mainland	68.20	1338.0*	.015	Makabuluhan
Island	52.80			

* $p < .05$ Level of Significance

Pagkakaiba Sa Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Edad, at Antas Ng Edukasyon

Ipinapakita sa Talahanayan 9 ang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa edad at antas ng edukasyon ng mga tagatugon. Sa bahaging edad, lumabas na ang mga gurong may edad 41 taong gulang pataas ang may pinakamataas na mean rank na 64.17, sinundan ng 31–40 taong gulang na may 63.22, habang ang 20–30 taong gulang ang may pinakamababang mean rank na 55.09. Gayunpaman, ang H-value na 1.699 at p-value na .428 ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagtatasa batay sa edad. Ipinapakita nito na kahit may bahagyang pagkakaiba sa mean ranks, pare-pareho pa rin ang pananaw ng mga tagatugon sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral anuman ang kanilang edad.

Samantala, sa antas ng edukasyon, ang mga may Master's Degree (Units or Graduate) ang may pinakamataas na mean rank na 63.16, kasunod ang Bachelor's Degree na 59.69, habang

ang Doctorate (Units or Graduate) ang may pinakamababang mean rank na 44.13. Sa kabila nito, ang H-value na 2.179 at p-value na .336 ay nagpapakita rin na walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagtatasa batay sa antas ng edukasyon. Ibig sabihin, ang persepsyon ng mga tagatugon sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay hindi naapektuhan ng kanilang edad o antas ng edukasyon.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na ang pagtatasa sa kasanayan sa pagbasa ay relatibong pare-pareho sa iba't ibang grupo ng mga tagatugon. Ipinapakita nito na ang pag-unlad ng pagbasa ng mga mag-aaral ay nakikita nang pantay-pantay ng mga guro, anuman ang kanilang demograpikong katangian, na maaaring magpahiwatig na ang mga implementasyong pang-edukasyon tulad ng ARAL Program ay may malawak at konsistenteng epekto sa iba't ibang grupo ng mga tagamasid.

Ang resulta ay maaaring maiugnay sa mga pananaw ng World Bank (2023) na nagsasaad na ang learning outcomes, partikular sa pagbasa, ay higit na nakadepende sa kalidad ng instructional delivery at consistency ng intervention kaysa sa demograpikong katangian ng mga guro. Gayundin, kaayon ito ng ulat ng OECD (2023) na binibigyang-diin na ang educational assessment at perceived learning progress ay mas nagiging stable kapag may standardized at sistematikong implementasyon ng mga literacy programs sa paaralan.

Talahanayan 9. Pagkakaiba Sa Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Edad, at Antas Ng Edukasyon

Variable	Mean Rank	H-value	p-Value	Interpretasyon
Edad				
20–30 Taong Gulang	55.09	1.699	.428	Hindi Makabuluhan
31–40 Taong Gulang	63.22			
41 Taong Gulang Pataas	64.17			
Antas ng Edukasyon				
Bachelor's Degree	59.69	2.179	.336	Hindi Makabuluhan
Master's Degree (Units or Graduate)	63.16			
Doctorate (Units or Graduate)	44.13			

*p<.05 Level of Significance

Kaugnayan Sa Kabisaan Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program At Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral

Ipinapakita sa Talahanayan 10 ang ugnayan sa pagitan ng kabisaan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Batay sa resulta, lumabas ang correlation coefficient na $r = .664$ at p-value na $.000$, na nagpapahiwatig ng isang makabuluhan at positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ibig sabihin, habang tumataas ang antas ng kabisaan ng ARAL Program, tumataas din ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang ARAL Program ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng reading skills ng mga mag-aaral, partikular sa mga kasanayang tulad ng phonemic awareness, decoding, comprehension, at reading fluency. Ipinapakita rin nito na ang mga interbensyon sa ilalim ng programa ay hindi lamang nakatutulong sa remediation kundi may direktang kontribusyon sa pag-angat ng akademikong pagganap sa pagbasa.

Ang kinalabasan ay kaayon ng mga pahayag ng World Bank (2023) na nagsasabing ang mga targeted learning recovery programs ay epektibo sa pagpapataas ng foundational literacy skills kapag ito ay may malinaw na implementasyon at regular na monitoring. Gayundin, sinusuportahan ito ng OECD (2023) na binibigyang-diin na ang structured literacy interventions ay may positibong epekto sa reading achievement ng mga mag-aaral, lalo na kung ito ay sistematikong isinasagawa sa loob ng paaralan.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na ang ARAL Program ay isang epektibong interbensyon sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa, at ang mas mataas na kalidad ng implementasyon nito ay direktang nauugnay sa mas mahusay na reading performance ng mga mag-aaral.

Talahanayan 10. Kaugnayan Sa Kabisaan Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program At Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral

Variables	R	P-value	Interpretasyon
Kabisaan Ng Academic Recovery And Accessible Learning (ARAL) Program At Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral	.664	.000	Makabuluhan

* $p < .05$ Level of Significance

Mga Konklusiyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang propayl ng mga tagatugon ay nagpapakita na ang mga gurong relatibong bata ngunit patuloy na nagpapataas ng kanilang propesyonal na kwalipikasyon ay may mahalagang papel sa implementasyon ng mga programang pang-akademikong interbensyon.
2. Ang mataas na antas ng kabisaan ng ARAL Program ay nagpapahiwatig na ang malinaw na implementasyon, sapat na suporta ng paaralan, at accessibility ng learning resources ay mahalaga sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral.
3. Ang mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nagpapahiwatig na epektibo ang mga reading intervention programs sa pagpapaunlad ng foundational literacy skills, bagama't kinakailangan pang paigtingin ang comprehension-based learning activities.
4. Ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kabisaan ng ARAL Program batay sa haba ng serbisyo at lokasyon ng paaralan ay nagpapakita na ang karanasan ng guro at pagkakaroon ng sapat na educational resources ay nakaaapekto sa kalidad ng implementasyon ng programa.
5. Ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa batay sa haba ng serbisyo at lokasyon ng paaralan ay nagpapahiwatig na ang instructional experience at learning environment ay may mahalagang impluwensiya sa pag-unlad ng literacy skills ng mga mag-aaral.
6. Ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kabisaan ng ARAL Program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nagpapakita na ang mas epektibong implementasyon ng learning recovery programs ay nakatutulong sa pagpapataas ng reading performance at academic achievement ng mga mag-aaral.

Mga Rekomendasyon

1. Ipagpatuloy at higit pang palakasin ng mga paaralan at ng Department of Education ang implementasyon ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program upang mas mapabuti pa ang kasanayan sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.
2. Magsagawa ng mas maraming capability-building trainings, seminars, at workshops para sa mga guro hinggil sa reading intervention strategies, differentiated instruction, at literacy development upang higit pang mapahusay ang kalidad ng implementasyon ng ARAL Program.

3. Dagdagan ang mga instructional materials, reading resources, at technological support lalo na sa mga paaralang nasa island areas upang maging pantay ang access ng mga mag-aaral sa dekalidad na learning resources.
4. Paigtingin ang mga comprehension-based activities at higher-order thinking skills exercises upang higit pang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, pagsusuri, at interpretasyon ng binabasang teksto.
5. Magsagawa ng regular monitoring, evaluation, at assessment ng ARAL Program upang matukoy ang mga aspektong nangangailangan pa ng pagpapabuti at matiyak ang tuloy-tuloy na pagiging epektibo nito.
6. Palakasin ang pakikipagtulungan ng mga magulang, guro, at komunidad sa pagpapaunlad ng reading habits at literacy skills ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga home-based at community-based reading activities.
7. Magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral gamit ang mas malaking saklaw ng respondente at iba pang baryabol upang higit na mapalawak ang pag-unawa sa epekto ng ARAL Program sa iba't ibang aspeto ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

TALASANGGUNIAN

1. Bajo, A. (2025, March 2). DepEd launches ARAL program to address learning crisis. Philippine News Agency. <https://www.pna.gov.ph>
2. Bajo, A. F. (2025, September 13). DepEd launches ARAL program to address learning crisis. GMA Integrated News. <https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/959023/deped-aral-program-learning-crisis/story/>
3. Bautista, M. L., & Aranas, J. P. (2022). Reading literacy challenges among elementary learners during the pandemic: Implications for recovery programs. *Philippine Journal of Education Studies*, 96(2), 45–60.
4. Carioso, B. (2025). DepEd starts ARAL program vs learning crisis. *The Philippine Star*. <https://www.philstar.com/headlines/2025/08/03/2462742/deped-starts-aral-program-vs-learning-crisis>
5. De Guzman, L. R. (2023). Effectiveness of remedial reading program among struggling Grade 3 pupils in public elementary schools. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 11(1), 82–91.
6. Department for Education. (2023). Independent evaluation of the National Tutoring Programme: Year 2 impact evaluation. UK Government.

7. Department for Education. (2024). National Tutoring Programme Year 3 impact evaluation. UK Government.
8. DepEd e-Saliksik. (2023). Reading intervention action research reports (2021–2023). Department of Education. <https://e-saliksik.deped.gov.ph>
9. Education Endowment Foundation. (2020). One-to-one tuition (EEF Teaching & Learning Toolkit). <https://educationendowmentfoundation.org.uk>
10. Erbeli, F., van Bergen, E., & Hart, S. A. (2020). Unraveling the relation between reading comprehension and print exposure. *Child Development*, 91(5), 1548–1562. <https://doi.org/10.1111/cdev.13339>
11. Global Education Evidence Advisory Panel. (2023). Smart buys for education: Cost-effective approaches to improve learning. World Bank. <https://thedocs.worldbank.org/en/doc/231d98251cf326922518be0cbe306fdc-0200022023/related/GEEAP-Report-Smart-Buys-2023-final.pdf>
12. Hansford, N., & Harmey, S. (2024). Reading Recovery: A longitudinal meta-analysis. *Literacy Research Journal*. <https://doi.org/10.1007/s44217-024-00353-x>
13. Kraft, M. A., Edwards, B., Cannata, M., et al. (2024). What impacts should we expect from tutoring at scale? *EdWorkingPapers*. <https://edworkingpapers.com/ai24-1031>
14. McGeown, S., & Smith, K. C. (2023). Reading engagement matters! A new scale to measure and support children’s engagement with books. *Reading Teacher*, 77(4), 462–472. <https://doi.org/10.1002/trtr.2267>
15. McLeod, S. (2025, March 31). Constructivism learning theory & philosophy of education. *Simply Psychology*. <https://www.simplypsychology.org/constructivism.html>
16. Nickow, A., Oreopoulos, P., & Quan, V. (2020). The impressive effects of tutoring on PreK–12 learning: A systematic review and meta-analysis of the experimental evidence. National Bureau of Economic Research. <https://doi.org/10.3386/w27476>
17. Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD). (2022). PISA 2022 results: Country note—Philippines. <https://www.oecd.org/pisa>
18. Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD). (2023). PISA 2022 results: Country note — Philippines. OECD. <https://www.oecd.org>
19. Project FABRIGAS. (2022). Improving the reading skills of Grade Three pupils through Project FABRIGAS. DepEd e-Saliksik. <https://e-saliksik.deped.gov.ph>

20. Reuters. (2024, March 4). Philippine “library home” stacked with books to inspire reading. Reuters. <https://www.reuters.com/lifestyle/philippine-library-home-stacked-with-books-inspire-reading-2024-03-04/>
21. Reyes, A. M. (2021). Parental involvement and reading performance of Grade 1 pupils in selected public schools in Quezon City. *Philippine Normal University Research Journal*, 17(2), 102–118.
22. Silinskas, G., Sénéchal, M., Torppa, M., & Lerkkanen, M.-K. (2020). Home literacy activities and children’s reading skills, independent reading, and interest in literacy activities from Kindergarten to Grade 2. *Frontiers in Psychology*, 11. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2020.01508>
23. TIME. (2022). The Philippines still hasn’t fully reopened its schools because of COVID-19. What is this doing to children? *TIME Magazine*. <https://time.com/6124045/school-closures-covid-education-philippines/>
24. Tolentino, J. P., & Villanueva, E. S. (2024). Implementation and outcomes of the Every Child a Reader Program in public elementary schools. *Philippine Education Research Journal*, 12(1), 33–49.
25. Torppa, M., Niemi, P., Vasalampi, K., Lerkkanen, M.-K., Tolvanen, A., & Poikkeus, A. M. (2020). Leisure reading (but not any kind) and reading comprehension support each other—A longitudinal study across grades 1 and 9. *Child Development*, 91(3), 876–900. <https://doi.org/10.1111/cdev.13241>
26. UNICEF. (2024). Education in the Philippines. UNICEF Philippines. <https://www.unicef.org/philippines/education>
27. UNICEF Philippines. (2025). Education. <https://www.unicef.org/philippines/education>
28. van Bergen, E., Hart, S. A., Latvala, A., Vuoksima, E., Tolvanen, A., & Torppa, M. (2022). Literacy skills seem to fuel literacy enjoyment, rather than vice versa. *Developmental Science*, 26(3), e13325. <https://doi.org/10.1111/desc.13325>
29. World Bank. (2022). Learning poverty brief: Philippines. World Bank. <https://documents.worldbank.org>
30. World Bank. (2022). The state of global learning poverty: 2022 update. World Bank. <https://www.worldbank.org>
31. World Bank. (2023). Learning recovery to accelerate learning and address the crisis. World Bank Education Global Practice. <https://www.worldbank.org>